

# *Modyul 24*

## *Nang Makamit ang Tagumpay*



### *Tungkol saan ang modyul na ito?*

Muli, magandang araw mahal kong estudyante. Alam mo, nasa pang-apat at huling modyul ka na ng pag-aaral ng akdang Florante at Laura. Dahil dito, binabati kita at inaasahan kong matatapos mo rin ang modyul na ito.

Pag-aaralan mo sa modyul na ito ang ilang pangyayari sa buhay ni Florante at ang mga kaisipang nakapaloob sa mga ito.

Sa modyul na ito, pag-aaralan mo rin ang ilan pang mahahalagang pangyayari sa buhay ni Florante at ng iba pang tauhan tulad nina Laura, Aladin at Flerida.



### *Ano ang matututunan mo?*

Ang ilan pang mahahalagang pangyayari sa buhay ni Florante at ng iba pang tauhang sina Laura, Aladin at Flerida ay magiging lunsaran para matamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. nasusuri ang akda sa romantisismong pagtingin
2. natutukoy ang mga tiyak na bahagi na nagpapatunay ng humanistikong karakter ng akda
3. naihananay ang mga tiyak na bahagi ng akda sa pananaw klasismo
4. natutukoy ang pagkamakatotohanan ng mga pangyayari sa akda
5. nasusuri ang pagka-naturalistik ng akda
6. nakabubuo ng mga matulaing imahe batay sa mga tiyak na bahagi

O, ano sa tingin mo? Mahirap ba? Hindi mahirap iyan. Kayang-kaya mo iyan basta't susundan mo lamang nang maayos ang bawat bahagi ng modyul.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Narito ang mga tuntuning dapat mong sundin sa paggamit ng modyul:

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.
2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.
3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.
4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.
5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.
6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.

Sige, magsimula ka na!



## *Ano na ba ang alam mo?*

Sa tatlong naunang modyul ay may mga tanong na pinasagutan sa iyo bago ka magsimula ng iyong pag-aaral, di ba? Ngayon, ganoon din agn gagawin mo sa pinakahuling modyul na ito tungkol sa akdang Florante at Laura.

Subukin mong sagutin ang mga tanong sa ibaba para malaman natin kung ano na ang alam mo sa nilalaman ng modyul na ito.

Tandaan: Hindi mo susulatan ang modyul. Isusulat mo ang mga sagot sa sagutang papel.

A. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Nang magpunta si Florante at ang kanyang hukbo sa Krotona para iligtas ang bayang ito, sino ang kanyang nakalaban?
  - a. Heneral Osmalik
  - b. Heneral Miramolin
  - c. Heneral Aladin
  
2. Tinalo ni Florante na wala pang kakara-karanasan sa pakikipaglaban ang isang pinunong napakalawak na ang karanasan sa pakikidigma. Ang ganitong pangyayari ay \_\_\_\_\_.
  - a. laging nagaganap
  - b. kapani-paniwala at di-kapani-paniwala
  - c. hindi lubos na kapani-paniwala
  
3. Sobrang pagbubunyi ang ginawa ng mga mamamayan ng Krotona. Ito’y dahil sa \_\_\_\_\_.
  - a. patuloy ang pananakop ng mga kaaway
  - b. nailigtas ang kaharian sa kamay ng mga Moro
  - c. muntik nang nailigtas ang kaharian sa kamay ng mga Moro
  
4. Nang magkita si Florante at ang hari ng Krotona na kanyang lolo, nakaramdam sila ng kalungkutan. Mangyari’y naalala nila ang \_\_\_\_\_.
  - a. pagkamatay ng asawa ng hari
  - b. pagkamatay ng ina ng binata
  - c. pagkamatay ng ama ng binata
  
5. Dahil sa pagtatanggol ni Florante sa Albanya, anong papuri ang itinawag sa kanya?
  - a. tanggulan ng s’yudad
  - b. tanggulan ng bayan
  - c. tanggulan ng bansa

6. Alin sa mga ito ang nagpapakita ng pagiging ulirang mamamayan ng Albanya si Florante?
  - a. Ipinagtanggol niya ang Persiya sa mga kalabang Moro.
  - b. Ipinagtanggol niya ang Krotona sa mga kalabang Moro.
  - c. Ipinagtaggol niya ang Albanya sa mga kalabang Moro.
  
7. Alin sa mga ito ang kabayanihang nagawa ni Florante para sa kanyang bayan?
  - a. Nailigtas si Haring Linseo sa mga Moro.
  - b. Nailigtas ang kanyang lolo sa mga Moro.
  - c. Nailigtas ang Krotona sa mga Moro.
  
8. Ayon kay Florante, ang bawat tagumpay niya sa pakikipaglaban ay \_\_\_\_\_.
  - a. kaloob ng mamamayan
  - b. kaloob ng Maykapal
  - c. kaloob ng kaharian
  
9. Alin sa mga ito ang ginawang kataksilan ni Adolfo?
  - a. Ipinapatay si Laura.
  - b. Ipinapatay si Florante.
  - c. Ipinapatay si Haring Linseo.
  
10. Alin sa mga ito ang sanhi ng kataksilan ni Adolfo?
  - a. paghahangad sa kapangyarihan
  - b. pananakop sa ibang kaharian
  - c. pagkakaroon ng maraming kaaway
  
11. Alin sa mga ito ang may katotohanan?
  - a. Ang pagtataksil ay totoong nagaganap sa tunay na buhay.
  - b. Ang pagtataksil ay hindi totoong nagaganap sa tunay na buhay.
  - c. Ang pagtataksil ay walang kaugnayan sa tunay na buhay.
  
12. Anong matinding emosyon ang ipinahahayag ni Aladin nang sabihin niyang “Sa pagbatis niring mapait na luha?”
  - a. matinding takot
  - b. matinding lungkot
  - c. matinding gulat
  
13. Ano namang emosyon ang ipinahiwatig ng “Ay ama ko! Bakit?”
  - a. pangungulila sa ama
  - b. hinanakit sa ama
  - c. pagmamahal sa ama
  
14. Anong emosyon naman ang ipinahihiwatig ng hintayin ang wakas?
  - a. kawalang kasiyahan
  - b. kawalang-awa
  - c. kawalang pag-asa

15. Alin sa mga ito ang tunay na dahilan ng pagdadalamhati ni Aladin?
- Namatay ang kanyang ina.
  - Namatay ang kanyang ama.
  - Inagaw ang kanyang kasintahan.
16. Aling imahe ang naglalarawan ng kalungkutan ni Flerida?
- may ngiti sa labi
  - may luhang pumapatak
  - may mamula-mulang pisngi
17. Anu-anong pandama ang inaantig ng imaheng luha at daing?
- panlasa at pang-amoy
  - paningin at pandinig
  - pansalat at panlasa
18. Anong pandama ang inaantig ng imaheng may bulo ang mga bunga ng kahoy?
- pang-amoy
  - panlasa
  - pansalat
19. Anong pandama naman ang inaantig ng imaheng nakalalasang bunga ng mga baging?
- panlasa
  - pansalat
  - pandinig
20. Batay sa kasaysayan, nang panahon ng mga Kastila ay pinalaganap nila ang Kristiyanismo. Sinu-sino ang mga tauhang pumayag na mabinyagan sa Kristiyanismo?
- Aladin at Flerida
  - Florante at Laura
  - Adolfo at Menandro

# *Mga Gawain sa Pagkatuto*

Sub-Aralin 1:

Pagsusuri sa pamamagitan ng ilang pananaw pampanitikan

**Layunin:**

Pagkatapos mo ng sub-araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. nakapagsusuri ng akda sa romantisismong pagtingin.
2. nakatutukoy ng mga tiyak na bahaging nagpapatunay ng humanistikong karakter ng akda.
3. nakapaghahanay ng mga tiyak na bahagi ng akda sa pananaw klasisismo.
4. nakatutukoy ng pagkamakatotohanan ng mga pangyayari sa akda.

**Alamin**

Narito ang karugtong ng mga nabasa mong pangyayari sa buhay ni Florante sa nakaraang modyul. Natatandaan mo pa ba ang huling pangyayari tungkol sa pagluha ni Laura nang magtapat ng pag-ibig ang binata? Di ba't ito'y pahiwatig na mahal din niya si Florante?

Siya nga pala. Saan ba pupunta si Florante noong panahong iyon? Pupunta siya sa Krotona, di ba? At bakit siya pupunta roon? Para iligtas ang kaharian sa kamay ni Heneral Osmalik ng Persiya. Buti at naaalala mo pa.

Mailigtas kaya ni Florante ang Kahariang Krotona? Malalaman mo ito sa pagpapatuloy ng iyong pagbabasa.

## **Ang Madugong Paglalaban**

Nang dumating ang hukbong ni Florante sa Krotona, halos mawawasak na ng mga kaaway ang kaharian. Magiting na ipinagtanggol ni Florante at ng kanyang mga kawal ang kaharian. Naging madugo ang paglalaban ng dalawang pwersa.

Ganito ang mga pangyayaring naganap:

**300** “Kuta’y lulugso na sa bayong madalas  
ng mga makinang talagang pangwalat,  
siyang paglusob ko’t ng hukbong akibat  
ginipit ang digmang kumubkob sa s’yudad.”

**302** “Makita ng piling Heneral Osmalik  
ang aking marahas na pamimiyapis,  
pitong susong hanay sa dulo ng kalis  
hinawi ng tabak nang ako’y masapit.”

Natalo ba nina Florante ang mga kaaway? Tama, natalo sila nina Florante.

Nagbunyi ang taong-bayan sa pagkakapanalo nina Florante. Lalo pang natuwa ang mga mamamayan nang malamang apo pala ng kanilang hari si Florante. Nang magkita ang maglolo, nakaramdam sila ng lungkot dahil naalala nila ang pagkamatay ng ina ng binata

Makalipas ang limang buwang pagtigil ni Florante sa Krotona, bumalik na rin siya sa Albanya. Nasasabik na siyang makitang muli si Laura.

### **Naging Tagapagtanggol ng Albanya**

Nang malapit na sina Florante sa Kahariang Albanya, natanaw nilang nakawagayway rito ang bandilang Moro. Nagmasid muna sila sa may dakong ibaba ng bundok at natanaw nilang parang may isang babaeng pupugutan ng ulo.

Alam mo ba kung ano ang ginawa ni Florante? Tama, nilusob nila ang mg Moro gaya ng isinaad ng saknong na ito.

**319** “Kaya di napigil ang akay na loob  
At ang mga Moro’y bigla kong nilusob;  
Palad ng tumakbo at hindi natapos  
sa aking pamuksang kalis na may poot.”

Nailigtas ba ni Florante ang babaeng pupugutan ng ulo? Oo ba ang sagot mo? Kung gayon, tama ka.

Sino naman sa palagay mo ang babaeng iyon? Tama ang palagay mo. Si Laura nga iyon.

Pero teka muna. Bakit kaya siya pupugutan ng ulo? Sige, alamin mo nga.

**321** “Pupugutan dahil sa hindi pagtanggap sa sintang mahalay ng Emir sa s’yudad; nang mag-asal-hayop ang Morong pangahas, tinampal sa mukha ng himalang dilag.”

Iniligtas din Florante sa kamay ng kaaway ng hari at ang kanyang ama at ang iba pang bilanggo kasama na rin si Adolfo. Pinapurihan ng hari si Florante at tinawag na tanggulan ng s’yudad. Nakamit din ng binata ang pag-ibig ni Laura. Dahil dito, lalong tumindi ang inggit ni Adolfo kay Florante. Muli na namang nagbalak ng masama si Adolfo kay Florante.

### **Sunud-sunod pang Tagumpay**

Lumipas pa ang ilang buwan. Lumusob sa Albanya ang hukbo ng Turkiya. Si Florante ang inatasan ng hari na magtanggol sa Albanya.

Sa palagay mo, nagtagumpay kaya si Florante? Alamin mo sa saknong na ito.

**333** “Niloob ng langit na aking nasupil ang hukbo ng bantog na si Miramolin, siyang mulang araw na ikinalagim sa Reynong Albanya ng Turkong masakim.”

Nagtagumpay ba siya? Tama, nagtagumpay nga siya.

Sunud-sunod pang tagumpay ang natamo ni Florante. Umabot pa nga sa labimpito ang mga haring nagsigalang sa kanya.

Isang araw naman, habang si Florante at ang kanyang hukbo ay nasa Etolya, tumanggap siya ng sulat buhat sa hari. Nakasaad dito na pinauwi siya sa Albanya. Ipinagkatiwala niya ng kanyang hukbo kay Menandro.

### **Si Adolfong Taksil**

Gabing kadiliman nang dumating si Florante sa Albanya. Agad siyang nilusob ng tatlung libong sandatahan. Hindi na siya nakapanlaban pa pagkat mabilis na ginapos at noon din ay ibinilanggo.

At alam mo ba kung sino ang may kagagawan nito? Sino pa, kundi ang taksil na si Adolfo.

Nalaman din ni Florante na ipinapatay ni Adolfo si Haring Linseo at ang kanyang amang si Duke Briseo. Sa anong dahilan? Sa labis na paghahangad ng kapangyarihan, yaman at katanyagan.

Basahin mo ang mga saknong na ito na nagsasaad ng kataksilan ni Adolfo.



**339** “Sabihin ang aking pamamangha’t lumbay lalo nang matantong monarka’y pinatay ng Konde Adolfo’t kusang idinamay ang ama kong irog na mapagpalayaw.

**340** “Ang nasang yumama’t haring mapatanyag at uhaw sa aking dugo ang yumakag sa puso ng konde sa gawang magsukab! O napakarawal ng Albanyang s’yudad!”

Nalaman din ni Florante na nakatak dang ikasal si Laura kay Adolfo. Halos ikamatay niya ang pangyayaring ito. Ikinulong si Florante ng labingwalong araw at pagkaraan nito’y dinala sa gubat at doon iginapos. Sa gubat na iyon siya natagpuan ng gererong Moro.

## **Linangin**

Ngayong alam mo na ang mga pangyayari sa ikaapat at huling bahagi ng adka, subukin mo ngang suriin ang mga ito sa pamamagitan ng iba’t ibang pananaw pampanitikan.

Siguro’y naalala mo pa na sa bahaging Ang Madugong Paglalaban ay tinalo ni Florante si Heneral Osmalik. Si Florante ay baguhan pa lamang sa pakikidigma samantalang si Heneral Osmalik naman ay malawak na ang karanasan.

Ilang taong gulang lamang si Florante noon? Labing walong taong gulang pa lamang di ba? Sa tunay na buhay, kapani-paniwala ba ito? Parang hindi yata masyadong kapani-paniwala, ano?

Ganunman, kahit hindi lubos na kapani-paniwala ang ganitong pangyayari, ganitong kwento ang gustung-gustong basahin noon. Ang bidang lalaki ay laging nananalo. Hindi siya dapat matalo sa mga labanan.

Alam mo ba kung bakit ganito? Kasi, para bang isang inspirasyon ang mga tauhang may kahanga-hangang kakayahan. Ganyan din ang katangiang taglay ni Florante. Bidang-bida at kahanga-hanga ang karakter.

Napansin mo bang may iba’t ibang damdaming nakapaloob sa bahaging ito ng akda. Narito ang ilan at ang dahilan ng bawat isa.

### **Damdamin**

- a. pagbubunyi ng mga mamamayan
- b. kagalakan ng Monarka
- c. kalungkutan nina Florante at lolo niyang hari ng Krotona

### **Dahilan nito**

- pagwawagi nina Florante
- pagwawagi nina Florante
- naalala ang pagkamatay ng ina ng binata

Sa bahagi namang Naging Tagapagtanggol ng Albanya, sinong tauhan ang sinasabing naging tagapagtanggol? Tama, si Florante nga ang tauhang iyon.

Kanino nga niya ipinagtanggol ang Kahariang Albanya? Tama, ipinagtanggol ni Florante ang Albanya sa mga kalabang Moro.

Siguro, naalala mo pa rin ang mga ginawa ni Florante na talaga namang kapuri-puri. Isa-isahin nga ulit natin.

- a. Nailigtas si Laura sa pagkapugot ng ulo.
- b. Nailigtas si Haring Linseo sa kamay ng kaaway.
- c. Nailigtas ang amang si Duke Briseo.
- d. Nailigtas ang iba pang bilanggo kasama na rin si Adolfo.

Sa mga ginawang ito ni Florante, maituturing siyang isang ulirang mamamayan ng Albanya, di ba? Handa niyang ibuwis ang sariling buhay para sa kapakanan ng kanyang bayan laban sa mga mananakop.

Dahil naman sa mga ginawa niyang kapuri-puri para sa Albanya, pinapurihan din siya ng hari at tinawag na tanggulan ng s'yudad.

Nakakatuwa naman ang ganitong pangyayari, di ba? Pinapupurihan ang taong may mabuting nagawa sa bayan.

Sa ikatlong bahagi na may pamagat na Sunud-sunod Pang Tagumpay ay muling ipinakita ni Florante ang kanyang kahanga-hangang tapang at lakas.

Anong hukbo ang lumusob sa Albanya at sino ang puno ng kanilang hukbo? Tama ka! Hukbo nga ng Turkiya at ang puno ay si Miramolin. Basahin mo nga ulit ang saknong na nagsasaad nito.

**333** “Niloob ng langit na aking nasupil  
ang hukbo ng bantog na si Miramolin,  
siyang mulang araw na ikinalagim  
sa reynong Albanya ng Turkong masakim.”

Tinalo ni Florante si Miramolin, di ba? Pero kung susuriin natin ang saknong, may napapansin ka bang isang magandang katangiang taglay ni Florante na dapat hangaan?

Makikita ito sa unang linya. Anong katangian ito? Mayroon pala siyang malaking pananalig sa kapangyarihan ng Diyos, di ba? Ang kanyang pagwawagi ay sinasabi niyang kaloob ng Maykapal. Kung gayon, ang mga sumusunod pa niyang tagumpay ay hindi lamang dahil sa kanyang kahanga-hangang tapang at lakas.

Para kay Florante, kanino niya utang ang kanyang tagumpay? Oo, sa Dakilang Maykapal.

Ipagpatuloy natin ang pagsusuri sa kasunod na bahagi. Ito’y may pamagat na Si Adolfong Taksil. Sa bahaging ito’y ipinakikita ang ilang pangyayaring posibleng maganap sa tunay na buhay. Karaniwang nangyayari sa totoong buhay ang pagtataksil ng isang tao dahil sa mga sumusunod:

- a. pagnanasa sa kapangyarihan
- b. paghahangad sa yaman
- c. pagkauhaw sa katanyagan

Ang kataksilan ni Adolfo ay resulta ng mga nabanggit na dahilan kaya’t ipinapatay niya sina Haring Linseo at Duke Briseo.

Talaga nga yatang ang pagiging taksil, isang ugaling hindi dapat pamarisan, ay kasama na sa buhay ng mga taong mainggitin gaya ng ipinakita ni Adolfo.

## **Gamitin**

Ngayon naman ay ilalapat mo na ang mga natutuhan mo. Narito ang ilang piling saknong buhat sa iba’t ibang bahagi ng akda. Tingnan nga natin kung masusuri mo ang mga ito sa pamamagitan ng ilang pananaw pampanitikan.

### 1. Hindi lubos na kapani-paniwalang pangyayari

**108** Di pa natatapos itong pangungusap  
may dalawang leong hangos nang paglakad  
siya’y tinutungo’t pagsil-in ang hangad,  
ngunit nangatigil pagdating sa harap.

**109** Nangaawa mandi’t nawalan ng bangis  
sa abang sisil-ing larawan ng sakit,  
nangakatingala’t parang nakikinig  
sa di lumilikot na tinangis-tangis.

Noong panahon ni Balagtas, maraming akda ang nagtataglay ng mga pangyayaring parang kataka-taka at mahirap paniwalaang pangyayari:

Di ba may dalawang leong mabilis na lumalapit kay Florante? Ano ang gagawin ng dalawang leon sa binata? Tama, sisilain si Florante.

Pero, ano ang ginawa ng mga leon nang malapit na kay Florante? Biglang tumigil, di ba? Bakit?

Parang naawa ang mga ito at tumingala pa na parang nakikinig sa pagtangis ng binata. Lubos bang kapani-paniwala ang mga pangyayaring nabanggit? Parang hindi lubos na kapani-paniwala, ano?

## 2. Pagbibigay-puri sa tauhan

**394** Yaong ehersitong mula sa Etolya  
ang unang nawika sa gayong ligaya:  
“biba si Floranteng hari ng Albanya!  
Mabuhay, mabuhay ang Prinsesa Laura!”

Ang pangyayari sa saknong 394 ay kasama sa bahaging Masayang Wakas. Kung natatandaan mo pa, nang matatapos na si Laura sa pagkukwento, biglang dumating si Menandro kasama ang hukbo. Nang makita nila sina Florante at Laura, gayon na lamang ang kanilang pagbubunyi.

Bilang pagpapahalaga sa prinsesa, anong kapuri-puring salita ang isinigaw nila kay Laura? Tama ulit, Mabuhay ang Prinsesa Laura!

## 3. Pagkamakapangyarihan ng Diyos

Sa mga saknong 395 at 398 ay may mahihiwatigan kang pangyayari na maiuugnay sa pagkamakapangyarihan ng Diyos. Basahin mo.

**395** Dinala sa reynong ipinagdiriwang  
sampu ni Aladi’t Fleridang hirang  
kapuwa tumanggap na mangabinyagan  
nagkaisang sinta’y naraos nakasal

**398** Kaya nga’t nagtaas ng kamay sa langit  
sa pasasalamat ng bayang tangkilik  
ang hari’t ang reyna’y walang iiniisip  
kundi ang magsabog ng awa sa kabig.

Sige nga, subukin mong ibigay. Ganito ba ang mga sagot mo?

- a. naging binyagan sina Aladin at Flerida
- b. pagtanggap ng sakramento ng kasal
- c. pagpapasalamat ng mga mamamayan sa Diyos dahil sa mahusay na pamumuno nina Florante at Laura

## 4. Pangyayaring totoong nagaganap sa tunay na buhay

**197** “Pag-ibig anaki’y aking nakilala  
di dapat palakhin ang bata sa saya  
at sa katuwaa’y kapag namihasa  
kung lumaki’y walang hihinting ginhawa.”

Totoong nangyayari sa tunay na buhay ang pangyayaring binabanggit sa saknong 197, di ba? Sinasabing kapag sinanay ang bata sa luho at layaw, ano ang magiging resulta nito? Walang matatamong ginhawa pag siya'y lumaki na. Bakit kaya? Kasi, hindi siya natutong magsikap. At pag ang tao'y hindi marunong magsikap, ano ang mangyayari? Tama, hindi nga ginhawa ang buhay niya.

## Lagumin

Narito ang ilang pananaw pampanitikang natutunan mo sa sub-araling ito. Tingnan mo nga kung naaalala mo pa ang mga ito.

### 1. Ang Madugong Paglalaban

#### a. Hindi lubos na kapani-paniwalang pangyayari

\* Tinalo ng wala pang karanasan sa digmaan na si Florante si Heneral Osmalik na mas malawak na ang karanasan sa pakikidigma.

#### b. Iba't ibang damdaming nakapaloob

\* nagsaya ang mga mamamayan dahil nanalo sina Florante

\* natuwa ang hari dahil nanalo sina Florante

\* nalungkot sina Florante at lolo niyang hari ng Krotona dahil naalala nila ang pagkamatay ng ina ng binata

### 2. Naging Tagapagtanggol ng Albanya

#### a. Pagbibigay-puri sa tauhan

\* pinapurihan si Florante at tinawag na tanggulan ng s'yudad

#### b. Pagiging ulirang mamamayan ni Florante dahil sa mga kabayanihang nagawa.

\* nailigtas si Laura sa pagkapugot ng ulo

\* nailigtas si Haring Linseo sa kamay ng kaaway

\* nailigtas ang amang si Duke Briseo

\* nailigtas ang iba pang bilanggo kasama na rin si Adolfo

3. Sunud-sunod Pang Tagumpay

a. Pagkamakapangyarihan ng Diyos

\* naniniwala si Florante na ang pagwawagi niya sa labanan ay kaloob ng Diyos.

4. Si Adolfong Taksil

a. Pangyayaring totoong nagaganap sa tunay na buhay

\* pagtataksil ni Adolfo dahil sa:

- pagnanasa sa kapangyarihan
- paghahangad sa yaman
- pagkauhaw sa katanyagan

**Subukin**

Tingnan nga natin kung natatandaan mo pa ang mga napag-aralan mo. Subuking sagutin ang mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sa bahaging Ang Madugong Paglalaban, sinong pinuno ang baguhan pa lamang sa pakikipaglaban?
  - a. Florante
  - b. Heneral Osmalik
  - c. Adolfo
2. Sino namang pinuno ang may malawak nanag karanasan sa pakikipaglaban?
  - a. Adolfo
  - b. Florante
  - c. Heneral Osmalik
3. Sa bahagi pa ring Ang Madugong Paglalaban, sinong pinuno ang nagwagi?
  - a. Heneral Osmalik
  - b. Adolfo
  - c. Florante
4. Nailigtas ang Krotona sa kamay ng mga Moro. Dahil dito, natuwa ang \_\_\_\_\_.
  - a. Monarka
  - b. mga kaaway
  - c. mga Moro

5. Sa bahaging Naging Tagapagtanggol ng Albanya, sino sinasabing naging tagapagtanggol ng kaharian?
  - a. Haring Linseo
  - b. Florante
  - c. Duke Briseo
  
6. Sa bahagi pa ring Naging Tagapagtanggol ng Albanya, ang naging tagapagtanggol ay \_\_\_\_\_ .
  - a. pinabayaan
  - b. pinahirapan
  - c. pinapurihan
  
7. Kapag ipinagtanggol mo ang iyong bayan laban sa mga kaaway, ikaw ay isang mamamayang \_\_\_\_\_.
  - a. uliran
  - b. makasarili
  - c. palaaway
  
8. Nailigtas ni Florante si Laura sa isang kapahamakan ito?
  - a. pagkabilanggo
  - b. pagkapugot ng ulo
  - c. pagkalunod
  
9. Sa bahaging Sunud-sunod Pang Tagumpay, bukod sa lakas at tapang, ano pa ang mahalaga para magtagumpay sa pakikipaglaban?
  - a. pananalig sa sarili
  - b. pananalig sa Diyos
  - c. pananalig sa magulang
  
10. Dahil sa paghahangad sa kapangyarihan, anong kataksilan ang ginawa ni Adolfo kay Haring Linseo?
  - a. Ipinadukot ang hari.
  - b. Ipinabilanggo ang hari.
  - c. Ipinapatay ang hari.

Ganito ba ang sagot mo?

1. a
2. c
3. c
4. a
5. b
6. c
7. a
8. b
9. c
10. c

## Paunlarin

Narito ang ilan pang saknong buhat sa iba't ibang bahagi ng ng akda. Unawain at sagutin ang mga tanong sa ibaba kaugnay ng ilan pang pananaw pampanitikan.

### 1. Hindi lubos ng kapani-paniwalang pangyayari

**181** “Buong kamusmusa’y di na sasalitin,  
walang may halagang nangyari sa akin  
kundi nang sanggol pa’y kusang daragitin  
ng isang buwitreng ibong sadyang sakim.

**182** “Ang sabi ni ina ako’y natutulog,  
sa bahay sa kintang malapit sa bundok,  
pumasok ang ibong pang-amoy ay abot  
hanggang tatlong legwas sa patay na hayop.”

- a. Ang sanggol na binabanggit sa mga saknong na ito ay si:  
(Florante, Laura, Adolfo)
- b. Ang ibong dadagit sa sanggol ay (agila, buwitre, lawin).
- c. Ang ibong binabanggit sa saknong ay mandadagit ng isang buhay na sanggol.  
Hindi ito lubos na kapani-paniwala pagkat ang kinakain ng ibong ito’y:  
(halaman at prutas, patay na hayop, kapwa ibon).

### 2. Pagbibigay-puri sa tauhan

**307** “Sinalubong kami ng haring dakila,  
kasama ang buong baying natimawa  
ang pasasalamat ay di maapula  
sa di magkawastong nagpupuring dila.

**308** “Yaong bayang hapo’t bagong nakatighaw,  
sa nagbalang bangis ng mga kaaway,  
sa pagkatimawa ay nag-aagawang  
malapit sa aki’t damit ko’y mahagkan.”

- a. Ang mga saknong ay buhat sa bahaging may pamagat na Ang Madugong Paglalaban. Dito’y nanalo sina Florante laban kay (Heneral Osmalik, Aladin, Adolfo).
- b. Dahil nanalo sina Florante, ang hari at ang buong bayan ay nagpasalamat bilang tanda ng (panghihinayang, pagbibigay-puri, kawalang utang na loob).
- c. Habang nagbubunyi ang taong-bayan, lumapit sila kay Florante upang damit ng binata’y mahagkan. Ang ganitong papuri ay tanda ng (pagkukunwari, paghanga, pagkutya).



### 3. Pagkamakapangyarihan ng Diyos

**22** “Makapangyarihang kamay mo’y ikilos papamilitikin ang kalis ng poot, Sa Reynong Albanya’y kusang ibulusok, ang iyong higanti sa masamang-loob.”

**23** “Datapwa’t sino ang tatarok kaya? sa mahal Mong lihim, Diyos na dakila? Walang mangyayari sa balat ng lupa, di may kagalingang Iyong ninanasa.”

- a. Ang Albanya ay nasa pamumuno ng taksil na si Adolfo. Nakikiusap ang nakagapos na si Florante na maparusahan ang (masasamang-loob, mabuting-loob, walang kusang-loob).
- b. Nakikiusap si Florante sa (mamamayan, pamahalaan, Diyos).
- c. Ayon kay Florante, sino ang nakakaalam ng gustong mangyari ng Diyos? (maraming nakakaalam, walang nakakaalam, kakaunti ang nakakaalam)
- d. Naniniwala si Florante na ang mga nangyayari ay (kaloob ng Diyos, hindi alam ng Diyos, walang pakialam ang Diyos).

Anu-ano ang mga sagot mo? Ganito ba?

1.
  - a. Florante
  - b. buwitre
  - c. patay na hayop
2.
  - a. Heneral Osmalik
  - b. pagbibigay-puri
  - c. paghanga
3.
  - a. Masasamang-loob
  - b. Diyos
  - c. walang nakakaalam
  - d. kaloob ng Diyos

### 4. Pangyayaring totoong nagaganap sa tunay na buhay

**238** “Nang mahimasma’y narito ang sakit dalawa kong mata’y naging parang batis at ang ay, ay ina’y kung kaya mapatid ay nakalimutan ang paghingang gipit.

**239** “Sa panahong yao’y ang buo kong damdam ay nanaw sa akin ang sandaigdigan; nag-iisa ako sa sa gitna ng lumbay ang kinakabaka’y sarili kong buhay.”

- a. Nang mamatay ang ina ni Florante, siya'y (dumaranas ng kalungkutan, hindi nasaktan, walang naramdaman).
- b. Sa tunay na buhay, pag namatay ang ina, ang karaniwang nadarama ng anak ay (pagkabigo, pagkahilo, pangungulila).
- c. Masakit sa kalooban ang mamatayan ng isang anak ay (huwag itong tanggapin, tanggapin ang katotohanang ito, huwag itong paniwalaan).
- d. Naniniwala si Florante na ang mga nangyayari ay (kaloob ng Diyos, hindi alam ng Diyos, walang pakialam ang Diyos).

## Sub-Aralin 2

### Pagsusuri sa pamamagitan ng iba pang pananaw pampanitikan

#### Layunin

Pagkatapos mo ng sub-araling ito, inaasahang ikaw ay:

- nakapagsusuri ng pagka-naturalistik ng akda
- nakabubuo ng mga matulaing imahe batay sa mga tiyak na bahagi
- nakatutukoy ng mga tiyak na pangyayari sa akda sa kasaysayan ng bansa

#### Alamin

Ano nga ba ang huling tagpong binabanggit sa Sub-Aralin 1? Naaalala mo pa kaya ito? Ito'y ang tagpong nakagapos sa gubat ni Florante at doon nga ay natagpuan siya ng gererong Moro. Sige, magpatuloy ka sa pagbasa para malaman mo pa ang mga sumusunod na pangyayari.

### Ang Kapalaran ni Aladin

Matapos malaman ni Aladin ang kwento ng buhay ni Florante, sinabi nitoong siya naman ngayon ang magsasalaysay ng kanyang naging kapalaran.

Sa simula ay ipinakikilala ni Aladin ang sarili. Anak siya ni Sultan Ali-Adab at may kasintahang nagngangalang Flerida. Sawi daw siya sa pag-ibig kagaya ni Florante. At dahil pareho silang sawi, sinabi ni Aladin kay Florante na doon na lamang sa gubat sila manirahan. Tumira sila sa gubat nang limang buwan.

Narito ang mga sagnong na nagpapakita ng matinding emosyon ni Aladin habang nakikipag-usap kay Florante.

**348** “Sa pagbatis niring mapait na luha  
ang pagkabuhay ko’y sukat mahalata...  
Ay ama ko! Bakit?... ay Fleridang tuwa!  
Katoto’y bayaang ako’y mapayapa.

**349** “Magsama na kitang sa luha’y maagnas  
yamang pinag-isa ng masamang palad,  
sa gubat na ito’y hintayin ang wakas  
ng pagkabuhay tang nalipos ng hirap.”

Ano ang nadarama ni Aladin?

Siguro, naramdaman mo ang matinding kalungkutang nadarama ni Aladin nang oras na iyon,  
ano? Umiiyak pa nga siya, di ba?

Isang araw, habang naglilibot sila sa gubat, sinimulang isalaysay ni Aladin ang kanyang  
kasawian sa pag-ibig. Inagaw pala ng kanyang amang si Sultan Ali-Adab ang kasintahan niyang si  
Flerida. Kung paano nangyari ito, alamin mo sa mga sagnong na sumusunod:

**354** “Anupa’t pinalad na aking dinaig,  
sa katiyagaan ang ang pusong matipid  
at pagkakaisa ng dalawang dibdib,  
pagsinta ni ama’y nabuyong gumiit.

**355** “Dito na minulan ang pagpapahirap  
sa aki’t ninasang buhay ko’y mautas,  
at nang mabalitang reyno’y nabawi mo,  
ako’y hinatulang pugutan ng ulo.”

Si Aladin pala’y ipinakulong ng kanyang amang hari. Pinagbintangan siyang iniwan ang  
hukbo sa Albanya nang wala pang utos ang ama. Nang mabawi ni Florante ang Albanya, hinatulang  
pugutan ng ulo si Aladin. Pinatawad naman si Aladin kapalit ng pag-alis ng binata sa Persiya.

### **Ang Pagtakas ni Flerida**

Ayon pa rin sa kwento ni Aladin, anim na taon na siyang nagpalabuy-laboy sa gubat. Biglang  
nahinto ang kanyang pagkukwento pagkat may narinig silang dalawang babaeng nag-uusap. Ganito  
ang kanilang narinig:

**361** Napakinggan nila’y ang ganitong saysay:  
“Nang aking matatap na papugutan  
ang abang sinta kong nasa bilangguan,  
nagdapa sa yapak ng haring sukaban.

**362** “Inihinging tawad ng luha at daing  
ang kaniyang anak gna mutya ko’t giliw;  
ang sagot kung hindi kusa kong tanggapin  
ang pagsinta niya’y di patatawarin.”

Sino sa palagay mo ang babaeng nagsasalaysay sa mga saknong 361 at 362? Si Flerida ba ang sagot mo? Kung oo, tama ang sagot mo.

Sino naman ang sinasabi niyang lalaking pupugutan ng ulo? Kung si Aladin ang sagot mo, tama ka ulit.

Kung gayon, pumayag pala ang Sultang Ali-Adab na patawarin si Aladin basta’t papayag si Flerida na pakasal sa kanya.

Alam mo ba ang nanging reaksiyon ng sultan sa ginawang pagpayag ni Flerida na pakasal? Alamin mo sa saknong na ito:

**365** “Sa tuwa ng hari’y pinawalan agad  
ang dahil ng aking luhang pumapatak,  
datapwa’t tadhanang umalis sa s’yudad  
at sa ibang lupa’y kusang nawakawak.”

Ano nga ang ginawa ng hari? Pinawalan niya si Aladin, di ba?

Dahil sa pag-alis ni Aladin, hindi sila nagkausap man lamang ni Flerida. Handa na ang lahat para sa kasal ngunit tumakas si Flerida na nakadamit gerero. May ilang taon na ring naglagalag ang dalaga sa bundok at gubat hanggang sa isang araw ay mailigtas niya ang babaeng kausap sa kamay ng taong sukab.

Nahinto ang pagsasalaysay ni Flerida dahil sa pagdating nina Florante at Aladin.

Ano sa palagay mo ang naging daramdamin ng apat nang sila’y magkatagpu-tagpo? Siyempre naman, labis na kaligayahan, di ba? Basahin mo ang isinasaad ng saknong 373.

**373** Anupa nga’t yaong gubat na malungkot,  
sa apat ay naging paraisaong lugod,  
makailang hinting kanilang nalimot  
na may hininga pang sukat na malagot.

## Masayang Wakas

Ikinuwento naman ni Laura ang mga pangyayari sa Albanya. Ayon sa kanya, nagkagulo ang taong-bayan sa pag-aakalang binalak ni Haring Linseo na gamitin sila. Pakana lamang ito ng sukab na si Adolfo. Si Adolfo rin ang nagpakanang pupugutan ng ulo ang hari at ang matatapat nitong alalagd. Umakyat siya sa trono at pinilit pakasal sa kanya si Laura.

Alam mo ba ang ginawa ni Laura?

Nagkunwaring payag si Laura na pakasal para magkapanahong padalhan ng sulat si Florante. Limang buwan ang hinihinging palugit ng dalaga. Nahulog naman sa patibong ni Adolfo si Florante. Umuwi kasi siyang mag-isa matapos makatanggap ng sulat na buong akala'y galing sa tunay na hari.

Nang malaman ni Laura ang nangyari sa kasintahan, ninais niyang magpakamatay ngunit dumating si Menandro at nailigtas ang Albanya. Tumakas si Adolfo na tangay si Laura. Pagdating sa gubat ay tinangkang pagsamantalahan ni Adolfo ang dalaga. Dumating naman si Flerida at pinana si Adolfo na ikamatay ng lalaki noon din.

Habang patuloy sa pagkukwento si Laura, bigla namang dumating si Menandro na may kasamang hukbo. Tuwang-tuwa siya nang makita si Florante. Ipinagbunyi nila si Florante. Isinama nina Florante ang magkasintahang Aladin at Flerida. Pumayag naman sina Aladin at Flerida na mabinyagan sa Kristiyanismo.

Ikinasal sina Florante at Laura at sina Aladin at Flerida.

Nang mamatay si Sultan Ali-Adab ay umuwi sa Persiya sina Aladin at Flerida. Namayani naman ang kapayapaan sa Albanya sa pamumuno nina Florante at Laura. Ikinatuwa naman ito ng mga mamamayan at lubos nilang ipinagpasalamat sa Diyos.

Natapos ang kwento sa isang masayang wakas.

## Linangin

Ngayon ay ipagpatuloy natin ang pagsusuri sa ilan pang pangyayari sa akda sa pamamagitan ng iba pang pananaw pampanitikan. Simulan natin sa bahaging may pamagat na Ang Kapalaran ni Aladin.

Kung natatandaan mo pa, matapos malaman ni Aladin ang buhay Florante, si Aladin naman ang nagsimulang magsalaysay ng kanyang buhay. Ang isang kapansin-pansin sa pagsasalaysay ni Aladin ay ang pagiging emosyonal nito. Talagang mararamdaman mo ang matinding damdamin sa kanyang mga salita.

Pansinin mo sa mga saknong na ito ang matinding emosyong nararamdaman ni Aladin habang nakikipag-usap kay Florante. Ganito ang kanyang mga sinabi:

- 348** “Sa pagbatis niring mapait na luha  
ang pagkabuhay ko’y sukat mahalata...  
Ay ama ko! Bakit?... Ay Fleridang tuwa!  
katoto’y bayaang ako’y mapayapa.
- 349** “Magsama na kitang sa luha’y maagnas  
yamang pinag-isa ng masamang palad,  
sa gubat na ito’y hintayin ang wakas  
ng pagkabuhay tang nalipos ng hirap.”

Naramdaman mo ba ang sobrang kalungkutan ni Aladin? Umiiyak siya nang mga sandaling iyon, di ba? Mararamdaman din ang kanyang sama ng loob sa ama.

Dahil nagkahiwalay sila ng kanyang kasintahan, ano ang nais niyang mangyari? Tama, nais na niyang mamatay pagkat nawalan na siya ng pag-asa sa buhay.

Isa-isahin natin ang ilang mga salitang sinabi ni Aladin na punung-puno ng damdamin.

- a. pagbatis ng mapait na luha
- b. Ay ama ko! bakit?
- c. Ay Fleridang tuwa!
- d. bayaang ako’y mapayapa
- e. sa luha’y maaagnas
- f. hintayin ang wakas

Sa pagpapatuloy ni Aladin ng kanyang kwento, emosyunal na isinalaysay niya ang kanyang kabiguan sa pag-ibig. Bigyang pansin mo ang damdamin ni Aladin na makikita sa mga sagnong na ito.

- 354** “Anupa’t pinalad na aking dinaig,  
sa katiyagaan ang pusong matipid  
at pagkakaisa ng dalawang dibdib,  
pagsinta ni ama’y nabuyong gumiit.
- 355** “Dito na minulan ang pagpapahirap  
sa aki’t ninasang buhay ko’y mautas,  
at nang magbiktorya sa Albanyang s’yudad  
pagdating sa Persya’y binilanggo agad.
- 356** “At ang ibinuhat na kasalanan ko,  
di pa utos niya’y iniwan ang hukbo,  
at nang mabalitang reyno’y nabawi mo,  
ako’y hinatulang pugutan ng ulo.”

**349** “Magsama na kitang sa luha’y maagnas  
yamang pinag-isa ng masamang palad,  
sa gubat na ito’y hintayin ang wakas  
ng pagkabuhay tang nalipos ng hirap.”

Napansin mo ba ang matinding sama ng loob ni Aladin? Kanino nga ba siya may matinding sama ng loob? Tama, sa kanyang ama.

Masisisi kaya si aladin kung naging emosyunal at magtanim ng sama ng loob sa kanyang ama? Ano sa palagay mo?

Sa bahagi namang may pamagat na Ang Pagtakas ni Flerida, bibigyang pansin natin ang mga imaheng ginamit sa akda.

Di ba, kung minsan, habang binabasa mo ang akda, parang may nabubuong larawan sa iyong isip? Iyan ay dahil sa tulong ng mga salitang ginamit ng awtor para antigin o kilitiin ang iyong iba’t ibang pandama.

Anu-ano naman ang mga pandamang ito? Ito’y maaaring paningin, pandinig, panlasa, pang-amoy, o pansalat.

Para lalo mong maunawaan ang ibig sabihin ng imahe, kunin nating halimbawa ang mga saknong na ito.

**362** “Inihinging tawad ng luha at daing  
ang kaniyang anak na mutya ko’t giliw;  
ang sagot kung hindi kusa kong tanggapin  
ang pagsinta niya’y di patatawarin.”

**365** “Sa tuwa ng hari’y pinawalan agad  
ang dahil ng aing luhang pumapatak,  
datapwa’t tadhanang umalis sa s’yudad  
at sa ibang lupa’y kusang nawakawak.”

**373** “Anupa nga’t yaong gubat na malungkot,  
sa apat ay naging paraiso’t lugod,  
makailang hinting kanilang nalimot

na may hininga pang sukat na malagot.”

Napansin mo ba ang imaheng luha at daing na nasa unang linya ng saknong 362? Ano kayang ayos ni Flerida ang parang nakalarawan sa isip mo habang lumuluha at dumadaing? Di ba, parang larawan ng isang babaeng nagmamakaawa?

Bilang imahe, ang luha at daing ay umaantig sa paningin at pandinig. Bakit? Sapagkat pag may nakakita tayong umiiyak at may naririnig na dumadaing, naapektuhan ang ating damdamin. Bilang resulta, ano ang karaniwang nararamdaman natin? Pagkaawa di ba?

Sa ikalawang halimbawa ay gumamit naman ng luhang pumapatak bilang imahe. Makikita ito sa ikalawang linya ng saknong 365. Ano kayang pandama ang inaantig nito? Paningin ba ang inaantig nito? Kung oo ang sagot mo, tama iyan. Anong damdamin kaya ang karaniwang nararanasan ng isang tao kapag nakakita ng babaeng may luhang pumapatak o umiiyak? Pagkaawa di ba?

Sa ikatlong halimbawa ay ginamit na imahe ang gubat ng malungkot. Anu-ano bang pandama ang maaaring antigin nito? Tama, paningin, pandinig, pang-amoy at pansalat. Ano naman kayang bagay na nasa malungkot na gubat ang umaantig ng iba't ibang pandama?

Sa unang bahagi ng akda ay detalyadong inilarawan ang gubat. Binanggit din ang mga bagay sa gubat na umaantig ng iba't ibang pandama. Narito ang ilang halimbawa:

- a. paningin  
    madilim at mapanglaw na gubat
- b. pandinig  
    nakalulunogs na huni ng ibon
- c. pansalat  
    may bulo ang mga bunga ng kahoy
- d. pang-amoy  
    masangsang na amoy ng mga bulaklak

Ang bahaging may pamagat na Masayang Wakas ang pinakakatapusang bahagi ng akda.

Bakit nga ba may pamagat itong Masayang Wakas? Simpleng-simple lamang ang sagot di ba? Marami kasing pangyayari ang naganap na naghatid ng kaligayahan sa mga tauhan. Sipiin sa sagutang papel ang letra ng mga kasiya-siyang pangyayari.

- a. Nailigtas ni Menandro ang Albanya sa kamay ni Adolfo.
- b. Inagaw ng Sultan si Flerida kay Aladin.
- c. Nailigtas ni Flerida si Laura sa pagsasamantala ni Adolfo.
- d. Limang buwan tumira sa gubat sina Florante at Aladin.
- e. Pumayag sina Aladin at Flerida na mabinyagan sa pananampalatayang Kristiyanismo.
- f. Nakasal sina Florante at Laura at sina Aladin at Flerida.
- g. Napatay ni Flerida si Adolfo.

Sa mga pangyayaring nabanggit, dalawa lamang ang hindi kasiya-siya: b at d. Tama ba ang sagot mo?



May isa ritong maiuugnay na pangyayari sa kasaysayan ng bansa. Alin ito? Ito'a ang pangyayaring ang mga Morong sina Aladin at Flerida ay pumayag na mabinyagan sa pananampalatayang Kristiyanismo. Di ba't ayon sa kasaysayan, noong panahon ng Kastila ay pinalaganap nila ang Kristiyanismo? Dahil dito, maraming mamamayang Pilipino ang naging Kristiyano.

## **Gamitin**

Narito ang ilan pang saknong buhat sa iba't ibang bahagi ng akda. Subukin nating suriin sa pamamagitan ng ilan pang pananaw pampanitikan.

### 1. Pagiging emosyunal ng tauhan

**39** “Ay, Laurang poo’y bakit isinuyo sa iba ang sintang sa aki’y pangako, at pinagliluhan ang tapat na puso, pinagguguluan mo ng luhang tumulo?”

**55** “Halina, Laura’t aking kailangan ngayon ang lingap mo nang naunang araw; ngayong hinihingi ang iyong pagdamay, ang abang sinta mo’y nasa kamatayan.”

Kung minsan, nagiging sobrang emosyunal ng tauhan dahil sa matitinding pangyayaring dumarating sa buhay.

Sa mga saknong 39 at 55, sinong tauhan ang dumaranas ng matinding emosyon? Si Florante ba ang sagot mo? Kung gayon, tama ang iyong sagot.

Sa saknong 39 ay matindi ang paghihinagpis ng binata. Bakit kaya? Kasi, akala niya’y nagtaksil si Laura. Sino naman ang lalaking sa akala ni Florante’y bagong minamahal ng dalaga? Tama, si Adolfo nga iyon.

Sa saknong 55 ay patuloy ang pagdadalamhati ni Florante. Nananawagan siya kay Laura. Ano ba ang hinihingi niya sa dalaga? Ang pagdamay, di ba?

### 2. Mga matulaing imahe

**67** Dito naghimutok nang kasindak-sindak na umalingawngaw sa loob ng gubat, tinangay ang diwa’t karamdamang hawak ng buntong-hininga’t luhang lumagaslas.

**68** Sa puno ng kahoy ay napayukayok  
ang liig ay supil ng lubid na gapos,  
bangkay na mistula't ang kulay na burok  
ang kayang mukha'y naging puting lubos.

Sa bahaging Linangin ay mga salitang ginagamit ng awtor para makabuo ng isang larawan sa ating isip. Nangyayari ito sapagkat ang imahe ay umaantig ng iba't ibang pandama. Anu-ano nga ang mga pandamang inaantig ng imahe? Di ba't ito'y maaaring paningin, pandinig, panlasa, pang-amoy o pansalat?

Sa mga saknong 67 at 68 ay inilalarawan ang kalagayan ni Florante habang nasa gubat at nakagapos sa isang puno. Isa-isahin nga natin ang mga imahe na naglalarawan sa kalagayan ni Florante.

- a. naghimutok nang kasindak-sindak
- b. nagbuntong-hiniga
- c. may luhang lumagaslas
- d. mistulang bangkay
- e. mukha'y naging puting lubos

Ano ang pandamang inaantig ng naghimutok at nagbuntong-hiniga? Pandinig ba ang sagot mo? Kung oo, tama ang sagot mo. Bakit? Sapagkat ang paghihimutok at pagbubuntong-hiniga ay may likhang tunog na tumitimo o kumikintal sa isip sa tulong ng pandinig.

Ano naman kayang pandama ang inaantig ng luhang lumagaslas, mistulang bangkay at mukha'y naging puti? Kung ang sagot mo'y paningin, tama ulit ang sagot mo. Bakit? Sapagkat ang pagluha, ang pagiging mukhang bangkay ng isang tao at pamumuti ng kulay ng mukha ay tumitimo o kumikintal sa isip sa tulong ng ating mga mata.

### 3. Pangyayaring may kaugnayan sa kasaysayan

**14** “Sa loob at labas ng bayan kong sawi,  
kaliluha'y siyang naghaharing hari,  
kagalinga't bait ay nalulugami,  
ininis sa hukay ng dusa't pighati.”

**18** “At ang balang bibig na binubukalan,  
ng sabing magaling at katotohanan,  
agad binibiyak at sinisikangan  
ng kalis na lalong dustang kamatayan.”

Sinulat ni Balagtas ang Florante at Laura noong panahon ng pananakop ng Kastila, di ba?

Sa mga saknong 14 at 18 ay inilalarawan ni Balagtas sa pamamagitan ng tauhang si Florante ang mga nagaganap sa Albanya. Anu-ano ang mga ito? Isa-isahin natin.

- a. Naghahari ang kataksilan.
- b. Namamayani ang kasamaan kaysa kabutihan.
- c. Walang kalayaan sa pagsasalita.

Naniniwala ka bang ang mga pangyayaring binabanggit na nagaganap sa Albanya ay nagaganap din sa Pilipinas? Kung oo ang sagot mo, bakit? Kasi, ganyang-ganyan din ang nangyayari sa bansa natin sa kamay ng mga Kastila.

## Lagumin

Ngayon ay isa-isahin natin ang mga napag-aralan mong pananaw pampanitikan sa sub-araling ito:

1. Ang Kapalaran ni Aladin
  - a. Pagiging emosyunal ng tauhan
    - \* Sobra ang kalungkutan ni Aladin dahil nagkahiwalay sila ng kasitahang si Flerida.
    - \* Matindi ang sama ng loob ni Aladin sa kanyang ama dahil inagaw nito si Flerida.
2. Ang Pagtakas ni Flerida
  - a. Mga matulaing imahe
    - \* Luha at daing- umaantig ng paningin at pandinig
    - \* luhang pumapatak- umaantig ng paningin
    - \* madilim na gubat- umaantig ng paningin
    - \* nakalulunog na huni ng ibon- umaantig sa pandinig
    - \* may bulo ang mga bunga ng kahoy- umaantig sa pansalat
    - \* masangsang ang amoy ng mga bulaklak- umaantig sa pang-amoy
3. Masayang wakas
  - a. Pangyayaring may kaugnayan sa kasaysayan ng bansa
    - \* Nabinyagan sa pananampalatayang Kristiyanismo ang mga Morong sina Aladin at Flerida

## Subukin

Narito ang ilang tanong tungkol sa mga napag-aralan mo sa Sub-Aralin 2. Subukin mong sagutin ang mga ito. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Anong damdamin ang naghahari kay Aladin para sa kanyang ama?
  - a. matinding sama ng loob
  - b. matinding pagmamahal
  - c. matinding paghanga

2. Ayon sa salaysay ni Aladin, ano ang nangyari sa kanila ng kasintahang si Flerida?
  - a. nag-away
  - b. nagtanan
  - c. naghiwalay
  
3. Anong kalagayan ni Aladin ang ipinakikita sa mga taludtod na ito? Sagnong 351, taludtod 3-4: dito sinalita ni Alading hayag ang kaniyang buhay na kahabag-habag.
  - a. nasa kahanga-hangang kalagayan
  - b. nasa kaawa-awang kalagayan
  - c. nasa katawa-tawang kalagayan
  
4. Naging masaya ang pagkikita-kita ng dalawang pares ng magkasintahan: sina Florante at Laura at sina Aladin at Flerida. Alin sa mga imaheng ito ang angkop na naglalarawan sa pangyayari?
  - a. Nagkulay rosas ang paligid.
  - b. Nagdilim ang kalangitan.
  - c. Binalot ng kalungkutan ang paligid.
  
5. Anong pandama ang inaantig ng imaheng gubat na masukal?
  - a. paningin
  - b. pang-amoy
  - c. panlasa
  
6. Ano namang pandama ang inaantig ng imaheng nakalulunon na atungal ng hayop?
  - a. pansalat
  - b. pang-amoy
  - c. pandinig
  
7. Anong pandama naman ang inaantig ng imaheng matutulis na tinik ng baging?
  - a. pandinig
  - b. pang-amoy
  - c. pansalat
  
8. Ang imaheng halimuyak ng kabubukang bulaklak ay umaantig ng pandamang \_\_\_\_\_.
  - a. pang-amoy
  - b. panlasa
  - c. pandinig
  
9. Ang Kristiyanismo ay lumaganap sa ating bansa noong panahon ng \_\_\_\_\_.
  - a. Amerikano
  - b. Kastila
  - c. Hapon
  
10. Sina Aladin at Flerida ay nakasal sa ilalim ng basbas ng \_\_\_\_\_.
  - a. Kristiyanismo
  - b. Islam
  - c. Buddhismo

Ganito ba ang sagot mo?

- |      |      |
|------|------|
| 1. a | 6. c |
| 2. c | 7. c |
| 3. b | 8. a |
| 4. a | 9. b |
| 5. a | 10.a |

### Paunlarin

Basahin ang mga saknong at sagutin ang mga tanong kaugnay ng ilang pang pananaw pampanitikan.

#### 1. Pagiging emosyunal ng tauhan

**79** “Sa kuko ng lilo’y aking aagawin ang kabiyak niring kaluluwang angkin liban na kay ama, ang sinuma’t alin ay di-igagalang ang tangang patalim.

**80** “O pagsintang labis ng kapangyarihan sampung mag-aama’y iyong nasasaklaw! Pag ikaw ang nasok sa puso ninuman, hahamaking lahat, nasunod ka lamang.”

- Sinabi ni Aladin na papatayin niya ang sinumang aagaw sa kasintahan, maliban sa kanyang (lolo, ama, kapatid.)
- Ang tinukoy niyang kasintahan ay si (Flerida, Laura, Leonora.)
- Pati mag-aama’y nag-aaway nang dahil sa (pera, mana, pag-ibig.)
- Sa saknong 79, ang damdamin ni Aladin ay (pagkagalit, pagkatuwa, pagkabigla.)
- Sa saknong 80, ang damdamin ni Aladin ay (paghanga, paghihimutok, pagtataka.)

#### 2. Mga matulaing imahe

**278** “Sa kaligayaha’y ang nakakaayos-bulaklak na bagong winahi ng hamog; anupa’t sinumang palarang manood, patay o himala kung hindi umirog.”

**10** Makinis ang balat at anaki’y burok, pilik-mata’t kilay, mistulang balantok, bagong saping ginto ang kulay ng buhok, sangkap ng katawa’y pawang magkaayos.

- a. Si Laura ay inihambing sa bulaklak na bagong winahi ng hamog. Magandang halimbawa ito ng imahe. Anong pandama ang inaantig ng bulaklak? (paningin, panlasa, pandinig)
- b. Ang bulaklak ay maari ring umantig ng (pandinig, pang-amoy, panlasa).
- c. Ang imaheng hamog ay umaantig ng (pansalat, pandinig, paningin).
- d. Alin ang umaantig ng pandamang pansalat? (nakabalantok na pilit-mata't kilay, makinis na balat, kulay gintong buhok)
- e. Kung bubuo ka ng imahe na maglalarawan kay Florante, alin sa mga ito ang angkop? (kahanga-hangang kakisigan, patpating pangangatawan, mala-bariles na pangangatawan)

3. Pangyayaring may kaugnayan sa kasaysayan

**16** Nguni, ay ang lilo't masasamang loob,  
sa trono ng puri ay iniluluklok,  
at sa balang sukab na may asal hayop,  
mabangong insenso ang isinusuob.

- a. Ang mga pangyayaring binabanggit sa saknong ay nagaganap sa (Albanya, Persiya, Turkiya).
- b. Ang taksil na namumuno ay si (Haring Linseo, Duke Briseo, Konde Adolfo)
- c. Ang mga pangyayaring binabanggit ay nagaganap din sa Pilipinas noong panahon ni Balagtas. Ito'y panahon din ng pananakop ng mga (Hapon, Amerikano, Kastila).
- d. Ayon sa saknong, sino ang iniluluklok sa kapangyarihan? (ang mga taksil at masasamang-loob, ang may mabubuting-loob, ang mahuhusay mamuno)
- e. Sino rin ang pinapupurihan? (ang mga taksil, ang may mabubuting-loob, ang mahuhusay mamuno)

Tingnan mo nga kung ganito ang mga sagot mo:

- |   |  |
|---|--|
| <ol style="list-style-type: none"> <li>1.           <ol style="list-style-type: none"> <li>a. ama</li> <li>b. Flerida</li> <li>c. pag-ibig</li> <li>d. pagkagalit</li> <li>e. paghihimutok</li> </ol> </li> </ol>                           | <ol style="list-style-type: none"> <li>3.           <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Albanya</li> <li>b. Konde Adolfo</li> <li>c. Kastila</li> <li>d. ang mga taksil at masasamang loob</li> <li>e. ang mga taksil</li> </ol> </li> </ol> |
| <ol style="list-style-type: none"> <li>2.           <ol style="list-style-type: none"> <li>a. paningin</li> <li>b. pang-amoy</li> <li>c. paningin</li> <li>d. makinis na balat</li> <li>e. kahanga-hangang kakisigan</li> </ol> </li> </ol> |  |



## *Gaano ka na kahusay?*

Ngayon mahal kong mag-aaral ay tapos mo na ang modyul na ito. Upang malaman kung lubos mong natutuhan ang ating mga aralin, sagutin mo ang pagsusulit sa ibaba. Galingan mo ha?

Tandaan: Hindi mo susulatan ang modyul. Isusulat mo ang mga sagot sa sagutang papel.

A. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Nang magpunta si Florante at ang kanyang hukbo sa Krotona para iligtas ang bayang ito, sino ang kanyang nakalaban?
  - a. Heneral Osmalik
  - b. Heneral Miramolin
  - c. Heneral Aladin
  
2. Tinalo ni Florante na wala pang kakara-karanasan sa pakikipaglaban ang isang pinunong napakalawak na ang karanasan sa pakikidigma. Ang ganitong pangyayari ay \_\_\_\_\_.
  - a. laging nagaganap
  - b. kapani-paniwala at di-kapani-paniwala
  - c. hindi lubos na kapani-paniwala
  
3. Sobrang pagbubunyi ang ginawa ng mga mamamayan ng Krotona. Ito'y dahil sa \_\_\_\_\_.
  - a. patuloy ang pananakop ng mga kaaway
  - b. nailigtas ang kaharian sa kamay ng mga Moro
  - c. muntik nang nailigtas ang kaharian sa kamay ng mga Moro
  
4. Nang magkita si Florante at ang hari ng Krotona na kanyang lolo, nakaramdam sila ng kalungkutan. Mangyari'y naalala nila ang \_\_\_\_\_.
  - a. pagkamatay ng asawa ng hari
  - b. pagkamatay ng ina ng binata
  - c. pagkamatay ng ama ng binata
  
5. Dahil sa pagtatanggol ni Florante sa Albanya, anong papuri ang itinawag sa kanya?
  - a. tanggulan ng s'yudad
  - b. tanggulan ng bayan
  - c. tanggulan ng bansa
  
6. Alin sa mga ito ang nagpapakita ng pagiging ulirang mamamayan ng Albanya si Florante?
  - a. Ipinagtanggol niya ang Persiya sa mga kalabang Moro.
  - b. Ipinagtanggol niya ang Krotona sa mga kalabang Moro.
  - c. Ipinagtaggol niya ang Albanya sa mga kalabang Moro.

7. Alin sa mga ito ang kabayanihang nagawa ni Florante para sa kanyang bayan?
  - a. Nailigtas si Haring Linseo sa mga Moro.
  - b. Nailigtas ang kanyang lolo sa mga Moro.
  - c. Nailigtas ang Krotona sa mga Moro.
  
8. Ayon kay Florante, ang bawat tagumpay niya sa pakikipaglaban ay \_\_\_\_\_.
  - a. kaloob ng mamamayan
  - b. kaloob ng Maykapal
  - c. kaloob ng kaharian
  
9. Alin sa mga ito ang ginawang kataksilan ni Adolfo?
  - a. Ipinapatay si Laura.
  - b. Ipinapatay si Florante.
  - c. Ipinapatay si Haring Linseo.
  
10. Alin sa mga ito ang sanhi ng kataksilan ni Adolfo?
  - a. paghahangad sa kapangyarihan
  - b. pananakop sa ibang kaharian
  - c. pagkakaroon ng maraming kaaway
  
11. Alin sa mga ito ang may katotohanan?
  - a. Ang pagtataksil ay totoong nagaganap sa tunay na buhay.
  - b. Ang pagtataksil ay hindi totoong nagaganap sa tunay na buhay.
  - c. Ang pagtataksil ay walang kaugnayan sa tunay na buhay.
  
12. Anong matinding emosyon ang ipinahahayag ni Aladin nang sabihin niyang “Sa pagbatis niring mapait na luha?”
  - a. matinding takot
  - b. matinding lungkot
  - c. matinding gulat
  
13. Ano namang emosyon ang ipinahiwatig ng “Ay ama ko! Bakit?”
  - a. pangungulila sa ama
  - b. hinanakit sa ama
  - c. pagmamahal sa ama
  
14. Anong emosyon naman ang ipinahiwatig ng hintayin ang wakas?
  - a. kawalang kasiyahan
  - b. kawalang-awa
  - c. kawalang pag-asa
  
15. Alin sa mga ito ang tunay na dahilan ng pagdadalamhati ni Aladin?
  - a. Namatay ang kanyang ina.
  - b. Namatay ang kanyang ama.
  - c. Inagaw ang kanyang kasintahan.



16. Aling imahe ang naglalarawan ng kalungkutan ni Florida?
- may ngiti sa labi
  - may luhang pumapatak
  - may mamula-mulang pisngi
17. Anu-anong pandama ang inaantig ng imaheng luha at daing?
- panlasa at pang-amoy
  - paningin at pandinig
  - pansalat at panlasa
18. Anong pandama ang inaantig ng imaheng may bulo ang mga bunga ng kahoy?
- pang-amoy
  - panlasa
  - pansalat
19. Anong pandama naman ang inaantig ng imaheng nakalalasang bunga ng mga baging?
- panlasa
  - pansalat
  - pandinig
20. Batay sa kasaysayan, nang panahon ng mga Kastila ay pinalaganap nila ang Kristiyanismo. Sinu-sino ang mga tauhang pumayag na mabinyagan sa Kristiyanismo?
- Aladin at Florida
  - Florante at Laura
  - Adolfo at Menandro